ASIAN AMERICANS ADVANCING JUSTICE AAJC

**_Litigasyon sa Senso 2020 at Ano ang Ibig Sabihin Nito para sa mga Komunidad ng Asyanong Amerikano_**

Matapos harangan ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang administrasyon sa pagdagdag ng tanong sa pagkamamamayan sa Senso 2020, ang administrasyon ay gumawa ng ibang pamamaran upang linlangin ang Senso 2020 at nang maiwasan ang nangakaraang undercounted na mga komunidad na mabilang ng buo at wasto at maging kinatawan sa ating prosesong pulitikal. Matuto ng higit patungkol sa Senso 2020 at kung bakit ito importante sa ating mga komunidad sa www.CountUsIn2020.org.

***Mga Pangunahing Makukuhang Impormasyon:***

1. Ayon sa Konstitusyon, ang senso ay sinadya para mabilang ang bawat isa. Ang lahat ng tao sa ating mga komunidad ay nararapat na mabilang, anuman ang estado ng imigrasyon.
2. Ang senso ay nakakaapekto sa pederal na pondo at pananalapi na natatanggap ng ating mga komunidad at ating pulitikal na representasyon at boses para sa susunod na sampung taon. Kailangan natin ng buo at wastong bilang para makatanggap tayo ng patas na bahagi nang pananalapi.
3. Ngayong tapos na ang pagbilang sa Senso 2020, ang Kawanihan ng Senso ay karapatdat na magkaroon ng sapat na oras upang maproseso ang datos na nakolekta at tukuyin ang anumang mga pagkakamali. Ang pagmamadali sa pagproseso ng datos upang i-ulat ang mga pinal na bilang sa darating na Disyembre 31 ay maaaring magresulta sa hindi wastong bilang para sa ating komunidad na may kasaysayan ng pagkaka-*undercounted*.

***Ano ang nakasalalay sa patuloy na mga litigasyon tungkol sa Senso 2020?***

- May mga demanda na nakasampa sa mga korte na patuloy na lumalaban para sa kumpleto at wastong senso. Ang tatlong pangunahing mga isyu na na-litigated ay: (1) ang pag-truncate sa pagbibilang at pagproseso ng datos ; (2) ang Presidential Memorandum na hindi isama ang mga hindi dokumentadong mga imigrante mula sa congressional apportionment; at (3) ang paggawa ng data file (tinatawag na Citizen Voting Age Population o "CVAP" file) upanghindi isama ang mga hindi mamamayan ng Estados Unidos sa pagproseso ng state-redistricting. Ang Asian Americans Advancing Justice | AAJC ("Advancing Justice-AAJC"), katuwang ang MALDEF (Mexican American Legal Defense and Educational Fund), ay kasalukuyang hinahamon ang mga pagtatangkang linangin ang senso sa pederal na korte.
- ***Ang Timeline Truncation***: Noong ang Kawanihan ng Senso ay napilitang ibahin ang kanilang planong operasyonal dahil sa pandemyang COVID-19, Ang Kawanihan ng Senso ay napagkaalaman na kinakailangan nitong ituloy ang pagbibilang hanggang Oktubre 31, 2020, upang masigurado ang kumpleto at wastong bilang at ituloy ang pagproseso ng datos hanggang Abril 30, 2021. Gayunpaman, noong Agosto, ang Kawanihan ng Senso ay biglaang nag-anunsyo na maaga nitong tatapusin ang kinakailangang panahon upang magsagawa ng senso sa pamamagitan ng pagtapos ng

pagbibilang noong Setyembre 30, 2020 at i-proseso ang datos at i-ulat ang pinal na bilang sa Presidente sa darating na Disyembre 31, 2020.

- ***Ang Presidential Memo***: Ang lahat ay sadyang dapat mabilang sa kada sampung taong senso, anuman ang estado ng immigrasyon. Ngunit, noong Hulyo 21, 2020, si Presidente Trump ay nag-isyu ng memo na huwag isama ang mga hindi dokumentadong mga imigrante sa pagbilang ng senso na basehan sa paglaan ng mga puwesto sa kongreso sa mga estado. Ang Konstitusyon ay nagmandato na ang mga puwesto sa kongreso ay kinakailangang ilaan base sa "lahat ng bilang ng tao sa bawat Estado" upang ang bawat estado ay kakatawanin ng proporsyon sa kanilang populasyon. Ang pagtangkang alisin ang mga hindi dokumentadong imigrante sa *apportionment count* ay hindi tama at hindi konstitusyonal at ito ay hahantong sa ibang pulitikal na representasyon palayo sa mga lugar na mayroong malaking bilang ng mga imigranteng komunidad.
- ***CVAP file***: Noong Hulyo 2019, makailang araw pagkatapos harangan ng Korte Suprema ang pagdaragdag ng tanong sa pagkamamayan, si Presidente Trump ay nag-isyu ng Utos ng Ehekutibo na nagdidirekta sa Kawanihan ng Senso na magkolekta ng datos sa pagkamamamayan mula sa mga ahensyang pederal at estado upang ang mga estado ay hindi ibilang ang hindi mamamayan ng Estados Unidos mula sa mga bilang ng populasyon na ginagamit upang mapag-alaman ang mga distritong estadong lehislatibo. Gamit ng CVAP file na ang laman lang ay mamamayan sa *block level* ay magreresulta sa proporsyonal na paghina ng kapangyarihang pulitikal ng mga Latino at Asyanong Amerikano, na maaaring nakatira sa mga imigranteng komunidad.

### *Ano ang kasalukuyang sitwasyon*[1]

- Ang enumerasyon para sa Senso 2020 ay nagtapos noong Oktubre 15, 2020. Ang Korte Suprema ay pina-igsi ang pagbibilang noong pansamantala nitong pinatigil ang kautusan sa isang mababang hukuman na nagsasabi sa Kawanihan ng Senso na ituloy ang pagbibilang hanggang Oktubre 31, kung saan ito ang orihinal na plano ng Kawanihan ng Senso mula noong magkaroon ng pandemyang COVID-19.
- Ngayon na nagtapos na ang enumerasyon, ang Kawanihan ng Senso ay nangangailangang magproseso ng datos na nakolekta nito at ihanda ang mga numero para sa pag-uulat. Ang *"post-data collection processing*" ay kritikal upang matukoy ang alinmang mga kamalian at siguraduhin na tama ang bilang.
- Ang kasalukuyang dedlayn ng Kawanihan ng Senso sa pagsumite ng pinal na bilang ng 2020 sa presidente ay Disyembre 31, 2020. Gayunpaman, ang Kawanihan ng Senso ay muling giniit na walang sapat na panahon upang maisagawa ito sa nasabing dedlayn, at saka kinakailangan itong gawin hanggang Abril 30, 2021 upang masigurado na maisasagawa nito ang lahat ng kainakailangang hakbang sa pagproseso ng datos.
- Madaming mga demanda na nangangatwiran na ang dedlayn sa Disyembre ay kailangang ipagpaliban. Ang pederal na hukom sa California ay sumang-ayon at ibinalik ang Abril 30, 2021 na dedlayn para sa pag-uulat. Umapela ang gobyerno sa desisyong ito,

---

[1] Huling na-update noong Oktubre 26, 2020. Habang ang litigasyon ay patuloy, magkakaroon ng mga pagbabago sa mga pangyayari na nakalapag.

kaya't ang pasyang ito ay pinatigil muna habang ang desisyon ay naka-apela . Ang ibig sabihin nito ay, sa ngayon, ang Kawanihan ng Senso ay inatasan na mag-ulat ng bilang ng pagbabahagi sa Disyembre 31, 2020 at pagsagawa ng post-processing ng mas maigsi sa kalahti ng kanilang nakaplanong takdang oras.

- Patungkol sa Presidential Memo, noong Setyembre 10, 2020, isang panig ng tatlong pederal na hukom sa New York ang nagpasya na ang hindi pagsama ng mga hindi dokumentadong mga imigrante sa bilang ng *congressional apportionment* ay labag sa batas. Ang administrasyong Trump ay umapela sa pagpapasyang ito at ang Korte Suprema ay naka-iskedyul na i-dinig ang kaso sa Nobyembre 30.

***Ano ang ibig sabihin nito sa mga Komunidad ng Asyanong Amerikano, Native Hawaiian, at Pacific Islander?***

- Sa kasalukuyan, humigit kumulang isa sa limang mga Asyanong Amerikano at isa sa tatlong Native Hawaiians at Pacific Islanders ay nakatira sa mga kapitbahayan na mahirap bilangin at may kasaysayan ng pagkaka-*undercounted* sa senso. Ang kumpleto at wastong bilang ay kinakailangan para sa lahat mula sa pangangalaga sa kalusugan at edukasyon hanggang sa pabahay at transportasyon para sa susunod na sampung taon.
- Kahit na ang pagbibilang ng senso ay natapos na, ang aming pagsisikap na siguraduhin na ang ating komunidad ay buong kakatawanin sa senso at upang masiguro ang pagpopondo at pulitikal na kapangyarihan na dumadaloy mula dito ay hindi natatapos. Ang pagmamadali sa pagproseso ng datos upang i-ulat ang mga pinal na bilang sa darating na Disyembre 31 ay maaaring magresulta sa hindi tamang bilang para sa ating mga komunidad na may kasaysayan ng pagkaka-*undercounted.*
- Ang Konstitusyon ay malinaw na dapat mabilang ng senso ang "kabuuan na bilang ng mga tao sa bawat Estado". Ang hindi pagsama ng mga hindi dokumentadong miyembro ng ating komunidad mula sa bilang ng paglalaan ng upuan sa kongreso ay maaapektuhan ng pagka-hindi proporsyon ng representasyon ng mga imigranteng komunidad at madaming komunidad ng may ibang kulay.
- Ang Advancing Justice-AAJC, katuwang ang MALDEF, ay patuloy na lumalaban sa mga isyung ito sa korte upang masigurado na ang ating mga komunidad ay kakatawanin.